

## 11 M16, nasamsam ng BHB-Panay

MATAGUMPAY NA nagapi ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Panay (Napoleon Tumagtang Command) ang istasyon ng pulis sa Maasin, Iloilo, alas-10:30 ng umaga noong Hunyo 18. Matapos ang 20-minutong operasyong walang putok, nakumpiska ng BHB ang 11 na M16, apat na pistola, mga bala at mga radyong VHF. Maa-yos at ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma pagkatapos makuha ang mga armas. Bago umatras, namahagi rin sila ng mga polyeto na nagpapaliwanag sa layunin at batayan ng reyd.

Ayon kay Ka Julio Montana, tagapagsalita ng BHB-Panay (Coronacion Chiva "Waling-Waling" Command), dinisarmahan ang naturang detatsment dahil matagal nang nangingikil ang mga pulis dito sa maliliit na marininda sa sentro ng bayan. Pabaya rin ang mga ito sa paglaganap ng iligal na droga at sugal.

Kinabukasan, nagkaputukan mismo ang labis na kinakabahang mga tropa ng nag-ooperasyong 61st IB at Alsa Masa sa Lampaya, Leon, Iloilo. Nasugatan sa misengkwentro si Romeo Cabalong, kasapi ng Alsa Masa at barangay tanod sa lugar.

Sa Compostela Valley, inambus ng mga Pulang mandirigma ang isang yunit ng 71st IB sa New Barili, Maco. Dalawang sundalo ang napatay at apat ang nasugatan. Ilang oras bago nito, sinalakay ng naturang mga sundalo ang yunit ng BHB.

"11 armas..." sundan sa pahina 3



EDITORIAL

## Dinggin ang sigaw ng Marawi at Mindanao

**H**abang nagtatagal ang pagkubkob at pagsakop ng AFP sa Marawi at ang pagpataw ng batas militar sa buong Mindanao, lalong kumakapal ang usok ng disimpormasyon at panlilinlang. Araw-araw ay naglulubid ng buhangin ang mga upisyal-militar, si Duterte at kanyang mga tagapagsalita at tagasulsol sa tangkang tabunan ang katotohanan.

Sila ang nagluluto ng lahat ng balita tungkol sa Marawi na pinalalabas sa kinokontrol nilang lagusan ng impormasyon. Hawak ang gatilyo, pinagbantaan ng AFP ang sinumang maglalabas, sa midya man o sa internet, ng impormasyong sa kanilang pakiwari'y nakasisira sa kanilang imahen o anila'y tumutulong sa mga pwersang tinuran nilang kalaban o rebelde.

Tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan na hukayin at ilabas ang katotohanan na pilit ibinabaon ng rehimeng Duterte, ng AFP at ng US tung-

kol sa pagkubkob at patuloy na pagwasak sa syudad ng Marawi, gayundin tungkol sa pagpataw ng batas militar sa buong Mindanao.

Ang gerang dinala ni Duterte at ng AFP sa Marawi City ay sinasabing gera laban sa tinaguriang grupong Maute. Pinalalabas ni Duterte mismo na ang mga Maute ay sangkot sa droga, terorista o kaya'y "grupong ISIS."

Ang totoo, sumiklab ang gera matapos nilusob ng mga sundalo ng AFP ang syudad ng Marawi noong Mayo 23. Sangkot sila sa operasyong pinaniniwalaang pinatakbo ng militar

ng US para hulihin ang tinurang “dayong teroristang” lider-Abu Sayyaf na si Isnilon Hapilon at makuha ang pabuyang \$5 milyon mula sa US. Katulad ng palyadong operasyon sa Mamasapano noong 2015, ang pagdagsa ng mga sundalo sa Marawi City ay sinalubong ng paglaban ng iba't ibang armadong grupong Moro, kabilang na ang sa pamilyang Maute, isang prominenteng pamilya mula sa Butig, Lanao del Sur.

Mag-iisang buwan na mula nang kinubkob ng AFP ang Marawi subalit bigo pa rin itong gapiin ang sinasabi nitong “maliit na teroristang grupo.” Sa digmaan, hindi makatatagal ang isang “maliit” na grupo sa tuluy-tuloy na labanan kung wala itong malawak na suporta ng iba pang grupo, mga lider at tao sa lugar.

May ilang panahon nang nag-iipon ang iba't ibang armadong grupo sa Marawi, sentrong ng kultura at komersyong Moro. Ilan ito sa mga lumitaw na grupong Moro na nais ituloy ang armadong rebolusyon para sa pagtatatag ng Bangsamoro. May mga armadong grupo na, katulad ng mga Maute, ay dating kabi-

lang sa Moro Islamic Liberation Front (MILF), na ang mga namumuno'y nagdeklarang hindi na maglunsad ng digmaan.

Ilan sa mga grupong ito ay galit sa militar at Central Intelligence Agency (CIA) ng US na binabatikos nilang nakikialam sa lokal na pulitika. Pinasisiklab ng GRP-AFP-US ang mga armadong ribalan ng mga angkan upang pagsabung-sabungin ang mga Moro at pahinain ang kanilang paglaban. Noon pang 2003 sinimulan ang makapal na presensya ng militar ng US sa saklaw ng lupaing Bangsamoro na tinuran nilang “ikalawang larangan ng gera kontra-terorismo.”

Ang pag-aarmas ng mga Moro ay hakbanging tugon nila sa patuloy nilang dinaranas na pambansang pang-aapi sa ilalim ng GRP. Walang-lubay ang ginagawa ng GRP na panloloko, pang-aapi, pandarahas, panggagahasa, pagparusa at pagnanakaw sa mga Moro sa katauhan ng mga sundalo ng AFP.

Marami sa mga grupong ito'y dismayado sa binubuong Bangsamoro Basic Law (BBL) sa pagitan ng







GRP at MILF at ilang bahagi ng MNLF. Kabilang sa malalaking usaping kinakaharap ng mamamayang Moro ay ang usapin ng likas na yaman sa Bangsamoro. Daan-daang ektaryang lupain ang pinaglalawayan ng malalaking dayuhang kapitalista at mga lokal na kasabwat para gawing mga plantasyon.

Itinutulak ngayon ng rehimeng Duterte ang pag-aamyenda sa BBL upang maakit ang mga Moro na bitawan ang kanilang mga baril at pumailalim sa isang kaayusang nasa kapasyahan ng GRP, ng AFP at ng militar ng US. Madugong gera, tulad ng ginawang pagwasak sa Marawi, ang pangako ni Duterte sa mga hindi makikiisa sa kanyang plano.

Ang umuusbong na magkakaiibang armadong grupo ng mga Moro ay napagbubuklod sa iba't ibang paraan ng relihiyong Islam at mga Batas ng Shari'a (tulad noon sa MILF). May ilang lider sa kanila na tumitingala sa grupong ISIS (sa Middle East), isang grupo na sinuportahan at pinondohan ng US para pabagsakin ang halal na gubyernong Assad sa Syria. Subalit para sa mga armadong grupong Moro, ang saligang usapin sa kanilang pag-aarmas ay ang paglaban sa pang-aapi at ang usapin ng pagpapasya-sa-sarili.

Tulad ng mga imperyalistang kapangyarihan, pinapaypayan ng rehimeng Duterte ang “black scare” o Islamophobia (ang takot sa relihiyong Islam), para bigyang-matwid ang pang-aapi sa mga Moro at tabunan ang kinakaharap nilang mga usaping sosyo-pampulitika. Tinatawag ni Duterte na “ekstremismo” ang armadong paglaban ng mga Moro ngayon, gayong malaon na ang kanilang armadong paglaban para sa kagalingan at mga karapatan.

Kahit walang solidong batayan (liban sa pagwawagayway ng itim na bandilang unibersal na sagisag ng Islam), pinalalabas niyang ang mga armadong lumalaban ay pinatatakbo ng ISIS. Ang mga Muslim ay awtomatikong suspek sa “terorismo.” Minamanmanan ang mga komunidad ng Moro sa Davao City at Kamayni-

	
Tomo XLVIII Blg. 12   Hunyo 21, 2017	
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.	
Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.	
	<a href="https://www.instagram.com/prwcinfo">instagram.com/prwcinfo</a>
	<a href="https://www.youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral">youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral</a>
	<a href="https://twitter.com/prwc_info">@prwc_info</a>
	<a href="https://www.facebook.com/PhilippineRevolutionWebCentral">fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral</a>
	<a href="mailto:cppinformationbureau@gmail.com">cppinformationbureau@gmail.com</a>
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas	

## Nilalaman

<b>Editorial:</b> Dinggin ang sigaw ng Marawi at Mindanao	1
11 M16, nasamsam ng BHB-Panay	1
Batas militar at mga Moro	4
Pangwawasak at pamamaslang	6
Patakarang panlabas ni Duterte	8
Paglabag sa karapatang-tao	9
Mga protesta noong Hunyo 12	11
Buwag-asyenda, isinusulong	11
Pag-import ng bigas, tinutulan	12
Mga laban sa kontraktwalisasyon	12
Parangal kay Bal Pinguel	13
Peace talks, positibong matutuloy	13

laan. Isinailalim ang mga Muslim sa Marawi sa ibayong paghihigpit ng mga sundalo ng AFP.

Hindi mapasusubalian kahit ni Duterte na nakapagtatagal ang armadong paglaban ng mga armadong grupo sa Marawi dahil sa pagkakaisa nila at ng mamamayang Moro. Pilit itong tinatabunan ng ipinamamalitang atake ng mga armado sa mga sibilyan. Dapat itong baticusin, kung totoo man. Para makuha ang suporta ng mga tao, obligadong iwasang mapahamak ang mga sibilyan at itutok ang mga sandata laban sa mga armadong kalaban.

Pinalalabas ni Duterte na dahil sa mga "ekstremista," sisiklab ang isang gerang angkan kontra angkan, isa umanong gerang komunal. Taliwas dito, ang sinilabang gera ni Duterte laban sa Marawi ay mag-uudyok ng ibayong pagkakaisa ng mamamayang Moro at magtutulak sa kanila sa panibagong yugto ng armadong paglaban para sa kani-ling karapatan sa pagpapasya-sa-sarili.

**NIYUYURAKAN NG BATAS MILITAR** ang karapatan ng milyun-milyong mamamayan. Patuloy na dumarami ang mga kaso ng pang-aabusong militar at pulis. Sawa na ang bayan sa ginagawang panggigipit sa kanilang mga kalayaan at pagkabit sa

kanilang mga karapatan. Sa ilalim ng batas militar, lalo pang lumala ang dati nang malupit na todo-gera ng AFP laban sa mamamayan.

Mariing binabatikos ng Partido ang rehimeng Duterte sa walang-lubay na pambobomba at pangwawasak ng AFP at militar ng US sa Marawi. Dinadambong at ninanakawan ang mga bahay ng mga residente. Pinalalabas ng AFP na 26 lamang na sibilyan ang namatay, subalit may mga ulat na nagsasabing hindi bababa sa isanlibo ang dinala sa mga punerarya.

Isa nang malalang krisis sa dislokasyon at gutom ang iniluwal ng pagkubkob ni Duterte, ng AFP at US sa Marawi. Mahigit tatlong daanlibong mamamayan sa syudad at mga karatig na pook ang napilitang lumikas at ngayo'y walang bahay at kabuhayan.

Mistulang henosidyo ang ginawa ni Duterte laban sa mga Maranao at Moro ng Marawi. Gamit ang kapangyarihan ng batas militar sa Mindanao, ipinakain ni Duterte ang Marawi sa mababangis na halimaw ng AFP upang umamo sa kanya ang mga ito. Ang pagtataas ni Duterte ng bandila ng "gera kontra-terorismo" ay ginagamit ngayon ng imperyalismong US para lalong palakihin ang presensya at panghihimasok nito sa Pilipinas.

Idineklara na ni Duterte ang balak niyang ipataw ang batas militar sa buong bansa. Puspusing lalabanan ito ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan.

Katarungan ang sigaw ng masa ng Marawi sa lahat ng buhay na kinital ng mga bomba at kanyon at sa mga ari-arian nilang ninakaw. Dapat magkaisa ang mamamayang Pilipino at mamamayang Moro para singilin ang rehimeng Duterte sa pananagutan nito sa lahat ng mga pinsalang idinulot nito sa Marawi.

Dapat gawin ang lahat upang alalayan ang mga taga-Marawi sa panahon ng kanilang paglikas at suportahan ang kanilang pakikibaka na muling makabalik sa kanilang syudad; makiisa at sumama sa kanilang sigaw na bigyan ng marapat na kabayaran sa lahat ng danyos bunga ng pagkubkob sa kanilang syudad.

Panawagan ng Partido sa buong sambayanang Pilipino at Moro: Dinggin ang taghoy ng Marawi at Mindanao. Wakasan ang pagkubkob at pagsakop ng AFP sa Marawi! Wakasan ang batas militar sa Mindanao! Palayasin ang AFP at mga sundalong Amerikano sa Marawi at sa buong bansa! Papanagutin si Duterte, ang US at AFP kanilang mga krimen laluna laban sa mamamayang Moro!

AB

Matagumpay naman ang ambus ng Apolonio Mendoza Command sa Barangay Pala-Ajos, Catanauan, Quezon noong Hunyo 18, bandang 10:30 ng gabi. Pinaputukan ng *command detonated* na eksplosibo ang siksabay na trak na may lulang di-bababa sa 24 na sundalo ng 85th IB. Dalawang sundalo ang inamin ng militar na nasugatan ngunit ayon sa mga residente sa lugar ay hindi bababa sa 10 ang nasugatan at may isang patay.

Nagpapatok nang walang direksyon sa loob ng mahigit 15 minuto ang mga sundalo kahit matagal nang nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Samantala, sinalakay ng 1st Pulang Bagani Battalion ang mga tropa ng 16th IB sa Barangay Paradise Embac noong Hunyo 11 kung saan siyam na sundalo ang napatay at anim ang nasugatan.

Noong Hunyo 9, dinakip ng 6th Pulang Bagani Company at Guerrilla Front 18 si SPO2 George Canete Ru-

pinta, Badge No. 080699, ng Barangay Tagugpo, Lupon, Davao Oriental. Nakumpiska ng mga Pulang mandirigma mula sa kanya ang isang pistolang 9 mm. Noon ding araw na iyon, inambus ng BHB-North Central Mindanao Region (Western Agusan del Norte-Agusan del Sur Sub-Regional Command) ang pwersa ng 26th IB malapit sa *patrol base* nito sa Brgy. Comota, La Paz, Agusan Del Sur bandang alas-8 ng umaga. Isang sundalo ang napatay. Nasamsam sa kanya ang bagong isyung ripleng R4.

Noong Hunyo 7, pinarusahan ng isang yunit ng BHB-Jennifer Cariño Command ang dayuhang kumpanya sa pagmimina na Lepanto Consolidated Mining Company sa Cabatuan, Barangay Colalo, Mangkayan, Benguet. Pina-sabog ang *blasting equipment at tailings dam* ng nasabing kumpanya na sanhi ng pagkalason ng sistema ng mga ilog sa lugar. Sinira rin ng mga Pulang mandirigma ang isang *outpost* ng pulis sa barangay.

AB

# Ang mamamayang Moro at batas militar

**M**ag-iisang buwan na ang nakalipas mula nang ipataw ni President Rodrigo Duterte ng GRP ang batas militar sa Mindanao pero wala pa rin itong malinaw na patutunguhan o kahihinatnan. Dalawang beses nang lumampas ang itinakda ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na taning ng kanilang mga operasyon sa Marawi, pero hanggang ngayon ay bigo pa rin silang “linisin” ang syudad ng mga armado.

Sinisisi ngayon ni Duterte ang mga lokal na pulitiko, maging ang Moro National Liberation Front at Moro Islamic Liberation Front, sa hindi matapos-tapos na sagupaan sa pagitan ng AFP at mga armadong grupo na nakatrensera sa syudad. Hindi niya maayos na maipaliwanag kung bakit sa halip na magapi, lalupang dumadami ang mga armadong lumalaban sa AFP.

Hindi magtatagal, sasabog ang galit ng mamamayang Moro sa pangwawasak ng rehimen sa kanilang syudad, sa pambabastos sa kanila ng mga sundalo ng AFP at paglapastangan sa kanilang kultura at karapatan. Paulit-ulit nang ipinana-wagan ng mga residente ng Marawi na itigil na ang walang rendang panghuhulog ng bomba at lansakang pamamaril ng mga sundalo na siyang sanhi ng mas matindi pang kahirapan at pagkawasak ng kabuhayan ng daanlibong mamamayan hindi lamang sa Marawi kundi pati sa mga karatig-bayan.

Nilikha nito ang isang malawakang krisis sa dislokasyon sa buong Lanao del Sur. Umaabot na sa mahigit 309,000 mamamayan ang lumikas sa kanilang mga komunidad. Naiulat na 59 na ang namatay sa mga sentro ng ebakwasyon kabilang ang tatlong bata, samantalang halos 21,000 ang nagkakasakit. Nasa 23,000 mag-aaral

ang hindi nakapasok dahil wasak na ang kanilang mga eskwelahan. Mahigit 3,000 ang hindi pa rin nakalabas ng Marawi at dumaranas ng matinding gutom. Sa gitna ng labanan, isang batang lalaki ang natamaan ng ligaw na bala sa loob ng moske.

Ayon sa pagsisiyasat ng National Interfaith Humanitarian Mission noong Hunyo 13-16, walang awat ang paglabag sa mga karapatang sibil at demokratiko ng mamamayang Moro. Nagpapatuloy ang maramihang pang-aaresto. Ang kalalaking nakasuot ng itim ay pinaghihinalaang myembro ng ISIS at iniinteroga. Nagdulot ng takot ang birong ‘rape’ ni Duterte. Walang patumanggang nagbabanta ang mga sundalo na gagahasain nila ang mga kababaihan o di kaya’y pakakasalan ang magaganda. Nagkakampo rin ang AFP sa mga kabahayan at loob ng mga moske. Walang pakundangan ang pagpapaputok ng mga sundalo. Tatlong ligaw na bala ang tumama sa sentro ng ebakwasyon sa Bubong, Lanao del Sur, kung


saan 300 pamilya ang nakabakwit.

Noong Hunyo 15, nanawagan ang Sultanate Leaders of Lanao at ang Imams League, mga lider na Maranao, sa administrasyong Duterte na itigil na ang pambobomba at magdeklara ng tigil-putukan upang maisalpa pa ang maraming buhay at ari-arian. Giit nila na dapat na makinig ang pangulo sa panawagan ng mga sibilyan.

Anila, tiyak na wala nang babalikan ang mamamayang Moro kung magpapatuloy pa ang kaguluhan sa Marawi. Pinuna nila ang tila kawalan ng pag-aalala ni Duterte sa kalagayan ng mga nagsilikas at sa halip ay itinuturo pa ang mga biktima bilang salarin sa krisis.

Giit din ng mga lider, liban sa terorismo’y may iba pang dahilan ang labanan sa Marawi at tiyak na hindi karahasan at batas militar ang paraan para ito’y maresolba.

Isang aspeto ng gera sa Marawi ay ang *rido* o tunggalian sa pagitan ng mga angkan na nagbabangayan sa pulitika o lupa. Ang pamilyang Maute ay isa sa makapangyarihang pamilya na dating namayani sa lokal na pulitika sa bayan ng Butig, Lanao del Sur. Bunsod ng tunggalian sa pamilyang Pansar sa usapin ng proyekto at lupa, inokupa nila ang munisipyo ng Butig noong Disyembre 2016. Noo’y nakipagsabwatan ang pamilyang Pansar sa AFP para supilin ang mga Maute. Ibinunsod nito ang pambobomba ng AFP sa sentro at sakahan ng Butig, bagay na hindi na lamang ikinagalit ng mga residente rito, kundi pati ng mga karatig-bayan. Mula rito, nakahamig ng suporta ang magkapatid na Maute, at nabuo nila ang mas malakas na pwersang pangontra sa





kanilang mga kalaban sa pulitika.

Noong Hunyo 9, nagsampa ng kaso ang mga kinatawan ng Makabayan at lider ng progresibong organisasyon sa Korte Suprema para ibasura ang batas militar sa Mindanao. Iginiit ng grupo na labag sa konstitusyon ang deklarasyon dahil walang sapat na katibayan na may nagaganap na rebelyon sa buong Mindanao. Wala ring sapat na batayan para sabihing nanganganib ang seguridad ng publiko kung kaya't walang pangangailangang isuspinde ang *writ of habeas corpus*.

Sa tabing ng “gera kontra-terorismo,” pinulbos ng AFP ang Marawi City nang walang pagsasaalang-alang sa pinsalang idudulot nito sa buhay at kabuhayan ng mga sibilyan. Tinarget ng mga bomba ang kabahayan ng mga lokal na pulitikong kalaban ng mga pinapaboran nitong upisyal. Tinugis at inaresto nito ang mga karibal ng nakaupong upisyal ng Marawi at tinagurian silang “tagapondo ng Maute” at “druglord.” Sa Marawi City, pinagsalimbayan na ni Duterte ang kanyang mga kampanyang panunupil.

### Gera laban sa Moro

Mahaba at madugo ang kasaysayan ng panunupil ng reaksyunaryong estado pangunahin para supilin ang kanilang pakikibaka para sa sesesyon at pagpapasya-sa-sarili ng mamamayang Moro. Mga serye

ng mababangis na anti-Morong digma ang pinakawalan ng mga pasis-tang rehimen mula kay Marcos hanggang sa kasalukuyan.

Taong 1970, ginamit ng dik-tadurang

US-Marcos ang batas militar upang konsolidahin ang paghahari nito sa Mindanao. Pinaslang nito sa isang mala-henosidyong gera ang 200,000 mamamayang Moro habang daanlibong pamilya ang pinalayas sa kanilang mga komunidad. Tatlong dekada makalipas nito, inilunsad naman ng rehimen US-Estrada ang todo-gera laban sa Moro. Noong 2000, ibinuhos ang mahigit 50 batalyon (humigit-kumulang 70% ng kabuuang pwersang pangkombat ng AFP) sa todong opensiba para kububin ang limang prubinsya, kabilang ang Maguindanao, kung saan matatagpuan ang Camp Abubakar na siyang mayor na kampo ng Moro Islamic Liberation Front. "War on terror" naman ang bitbit ng rehimen Arroyo at Aquino upang bigyang-laya ang AFP na maghasik ng karahasan at takot sa mga komunidad ng Moro.

Sa gitna ng mga sagupaang ito, lalong nabuo ang pagkakaisa ng mamamayang Moro para sa panawagan ng pagsasarili at pagpapasya-sa-sarili. Taong 1972, nabuo ang Moro National Liberation Front o MNLF. Nagkaisa rito ang 13 tribong Muslim para maglunsad ng armadong pakikibaka laban sa diktadurang Marcos. Mula 1972-1976, mabangis na paglaban ang inilunsad ng MNLF, na dumurog sa 30% ng pwersa ng AFP. Malaki ang naging ambag ng mga paglabang ito sa obhetibong pag-unlad ng pambansa-demokratikong rebolu-

syon.

Dahil sa patuloy na pakikipag-kompromiso ng pamunuan ng MNLF sa rehimen Marcos (Tripoli Agreement ng 1976) at Ramos (Southern Philippines Council for Peace and Development ng 1996 na humantong sa pagbuo ng ARMM), nakuha ng ibang armadong grupo gaya ng MILF ang inisyatiba sa pamumuno sa armadong pakikibaka ng mamamayang Moro. Ang desisyon ng MILF na makipagtigil-putukan sa rehimen Arroyo, itigil ang armadong paglaban at pumasok sa kasunduan para sa Bangsamoro Basic Law na nakapailalim sa kapangyarihan ng GRP simula sa panahon ng rehimen Arroyo, ay nagbunsod sa paglitaw ng iba't ibang mga armadong grupong Moro na kumakatawan sa iba't ibang interes at may iba't ibang laki at saklaw. Patunay ang mga nagdaang taon na mabubuo at maglulunsad ng armadong pakikibaka ang mamamayang Moro hangga't patuloy na ipinagkakait ng reaksyunaryong estado na kilalanin ang karapatan ng Bangsamoro sa pagpapasya-sasarili.

Gaya ng buong sambayanan, hindi malaya ang mamamayang Moro. Hindi sila ligtas sa pag-aapi at pagsasamantala ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri. Habang pasan ang ekonomyang pagsasamantala, dagdag nilang dinaranas ang pambansang pang-aapi at diskriminasyon.

Sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga kasunduan, paulit-ulit na napasusuko ang kanilang mga pinuno. Binibigyan ng maliliit na konsesyon ang mga lokal na naghaharing uring Moro upang epektibong linlangin at gawing pasibo ang mas nakararaming Morong anak-pawis. Kasabay nito, malawakang kinakamkam at dinarabong ng mga dayuhang kapitalista at lokal na mapagsamantalang uri ang kanilang yaman at lupang ninuno. **AB**

# Isang taong pangwawasak at pamamaslang

**W**alang kapantay na pinsala sa buhay, kabuhayan at ari-arian ang idinulot ng rehimeng Duterte sa mamamayang Pilipino sa unang taon pa lamang ng panunungkulan nito.

Mula nang maupo sa poder, animo'y pinanindigan ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP ang pangakong “papatayin” niya ang lahat ng itinuturing niyang kalaban. Bukambibig niya ang pagmamaliit sa “kara-karapatang-tao” at pagbabalewala sa mga proseso at batas. Sa harap ng mga pulis at militar, lagi niyang pangako ang “sagot ko kayo” para ipagtanggol ang kanilang mga krimen at paglabag.

Gamit ang mga bomba at iba pang malalakas na armas, kasabay ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, walang awat ang pang-aatake ng rehimen sa mga karapatan ng mamamayan sa magkarugtong na mga gerang inilunsad nito. Halos 9,000 na ang nabiktima ng pamamaslang na kaugnay sa droga, mahigit isang libo ang napatay dulot ng mga pambobomba at militarisasyon at mahigit 300,000 ang napilitang lumikas sa kanilang mga komunidad dulot ng mga operasyong militar. Karamihan sa mga ito ay mga pambansang minorya, magsasaka, ordinaryong manggagawa at maralita sa kalunsuran at kanayunan.

Pinatupad ni Duterte ang kanyang mga gera katuwang ang tiwaling pulis, berdugong militar, mga bayarang propagandista at mga alipures sa kongreso at senado. Para bigyang-katwiran ang kanyang mga gera, binabalot niya ang mga ito ng gawa-gawang mga datos na sistematikong pinalalaganap ng kanyang mga propagandista

at alipures. Mahigpit na kinokontrol ng pulis at militar ang impormasyon, nilulunod ang mga tanong at ginigipit ang sinumang maglabas ng kontra-datos o opinyon.

Para makuha ang suporta ng mga sundalo at pulis, kaliwa't kanan ang kanyang mga pangako sa mga upisyal at tauhan nito. Hindi bababa sa 27 matataas na upisyal ng militar at pulis ang ipinwesto niya sa kanyang gabinete at gubyerno. Walang tigil ang kanyang panunuhol sa anyo ng mas mataas na sahod, bagong armas at mga benepisyo, tulad ng P50 bilyon pondo na ilalaan diumano sa mga anak ng militar. Todo ang kanyang “pakikiramay” sa mga sundalo at pulis na namamatay sa kanyang mga gera habang wala siyang ipinakikitang malasakit sa buhay ng mga sibilyang biktima.

## Ang mga gera ni Duterte

Hindi pa man lubusang nakaupo sa poder, umarangkada na ang “gera kontra-droga” ni Duterte.

Sa ilalim nito, naghasik ng teror si Duterte at ang PNP sa mga maralitang komunidad sa kalunsuran at

kanayunan. Sa kasagsagan ng makaisang panig na gerang ito, umaabot sa 30 bawat araw ang pinapatay ng mga pulis, karamihan matapos diumanong manlaban. Ayon mismo sa datos mula sa PNP Double Barrel Secretariat, umaabot na sa 3,002 ang napaslang sa mga operasyong pulis mula Hulyo 1, 2016 hanggang Mayo 23, 2017. Wala rito ang mahigit 5,000 kaso na “iniimbestigahan” pa, o yaong mga pamamaslang na isinagawa ng mga *death squad* na naiuulat na pinataktakbo at tinatauhan din ng mga pulis. Garapalan ang pamamaslang ng magkakaribal na mga *druglord* na nasa kostudiya na ng PNP, tulad ni Tony Co na nasaksak diumano sa isang *riot* sa kulungan sa Bilibid at ni Mayor Rolando Espinosa na pinasok at pinagbabaril ng mga pulis mismo sa loob ng kulungan sa Albuera, Leyte.

Ipinakulong ni Duterte si Sen. Leila de Lima, ang numero unong kritiko ng kampanyang ito. Tatlong beses na naglabas si Duterte ng mga listahan na naglalaman ng mga pangalan ng mga pulitiko, husgado at negosyanteng gusto niyang paluhurin o ipitin. Binastos at pinalayas niya sa bansa ang isang mataas na upisyal ng United Nations na nagtangkang mag-imbestiga sa mga pamamaslang. Nitong Mayo, sinampahan siya ng kaso ng malawakang pamamaslang sa International Criminal Court ng kanyang mga karibal sa pulitika.

Kasabay ng “gera kontra-droga,” ipinatupad ng rehimen ang kontra-rebolusyonaryong Oplan Kapayapaan. Ginamit niya itong pambalanse sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa NDFP at mga grupong Moro.

Noong Pebrero, pinatindi niya



ang oplang ito nang magdeklara ang AFP ng todo-gera laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pinasahol pa niya ito nang iutos niya noong Marso na “patagin ang mga kabundukan” bilang tugon sa pagtindi ng mga taktikal na opensiba ng BHB.

Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, umabot sa 67 mga aktibista at myembro ng mga progresibong organisasyon ang pinatay ng mga pwersa ng estado mula Hulyo 2016 hanggang Hunyo 2017. Karamihan sa mga ito ay mga magsasaka sa Mindanao.

Tuluy-tuloy ang mga pang-aaresto sa mga ordinaryong sibilyan at panggigipit sa mga progresibo. Sa Davao City pa lamang, mahigit 300 ang arbitraryong inaresto nang ipataw ang batas militar.

Umabot sa 39 ang nakalayang detenidong pulitikal, kabilang ang 19 na konsultant ng NDFP na pinalaya ni Duterte para sa usapang pangkapayapaan. Pero sa panahong ito, umabot naman sa 39 ang iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang mga kasong kriminal. Kabilang dito ang apat na konsultant ng NDFP at isang obispo. Dagdag sila sa mahigit 400 bilanggong pulitikal na nakadetine pa rin sa iba't ibang kulungan sa kabila ng obligasyon ng rehimen na palayain silang lahat alinsunod sa CARHRIHL.

Liban sa CARHRIHL, hindi rin ginalang ng rehimen ang sarili nitong pakikipagtigil-putukan sa rebolusyonaryong kilusan. Mula Agosto 2016 hanggang Pebrero, ginamit ng AFP ang tigil-putukan ng BHB para magpusisyon ng mga tropa sa mahigit 500 baryo at maglunsad ng mga operasyong kombatan at paniktik sa loob ng mga ito. Matapos iatras ng PKP at BHB ang unilateral nitong tigil-putukan, pinaigting pang lalo ng AFP ang mga pag-atake sa mga tinukoy nitong erya ng BHB. Mula Marso lamang, hindi bababa sa 27 insidente ng pambobomba ang isinagawa ng AFP, madalas sa loob o paligid ng mga sibilyang komunidad na pinaghihinalaan nilang base ng

BHB. Nagpalikas ito ng halos 4,000 pamilya at pumatay ng isang sibilyan. Liban pa rito ang mga pambobomba na isinagawa ng AFP sa mga sibilyang komunidad ng Moro sa Maguindanao at Sultan Kudarat sa pagdadahilang pinasok ang mga ito ng mga grupong “maka-Maute.”

Nang ideklara ni Duterte ang batas militar sa Mindanao nitong Mayo, isa sa ibinigay na dahilan ng Department of National Defense ang “pangongotong” ng BHB. Sa kabila ng hayag na pagbawi rito ng DND at *peace panel* ng GRP, nanatili ang lahat ng pwersang militar sa mga erya ng BHB. Mula Mayo 23, tuluy-tuloy ang mga sagupaan sa pagitan ng AFP at mga yunit ng BHB sa iba't ibang bahagi ng Mindanao. Kabilang dito ang mga sagupaan sa mga prubinsya ng Davao, Surigao, Agusan, Cotabato at Bukidnon. Aktibo rin ang AFP sa pang-aaresto at pagpapasuko ng inaakusahan nitong mga myembro ng BHB. Walang nagbago sa pakat ng mga yunit nito kahit sa panahong “nakatutok” diumano sila sa Marawi. May mga eryang dinagdagan pa ang kanilang presensya.

Sa Marawi, hindi maipagkakaila ang lawak at tindi ng pinsalang dala ng mga operasyon ng AFP. Animo'y walang ititira sa syudad sa dalas at tindi ng mga pambobomba ng AFP sa mga imprastruktura, kabilang ang mga ospital, eskwelahan, komersyal na gusali at kabahayan. Matindi na ang ibinunsod nitong krisis dulot ng kasalatan at dislokasyon. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo.*)

Wasak na ang ekonomya ng syudad. Mahigit kalahati ng mamamayan rito (60% noong 2012) ay itinuturing na mahirap. Marami sa kanila ay nagtatrabaho sa mga maliit na empresa (mga tindahan, pagga-

## Paglabag sa Karapatang-tao\*

(Hulyo 1, 2016-Hunyo 20, 2017)

Pampulitikang Pamamaslang	67
Iligal na Pag-aresto	875
Sapilitang Paglikas	19345
Pagbabanta, panghaharas	27374
Istraping at pambobomba	25740

\*Liban sa Marawi

### Gera kontra droga

Ekstra-hudisyal na pamamaslang	3,002
Napatay sa operasyon (Hulyo 2016-Mayo 2017)	5,844
Inimbestigahan (Hulyo 2016-Marso 2017)	

waan ng *hollow-block*, konstruksyon at iba pa). Sa buong bansa, pinakamababa ang tinatanggap na minimum na sahod ng mga manggawa sa ARMM (P255-P265). Bago pa pulbusin ng AFP ang syudad, mataas na ang implasyon dito (4.5% noong 2015 kumpara sa 2.7% ng Davao City at 4.1% abereyds sa buong bansa.) Lalupang sumirit ang mga presyo matapos ipataw ang batas militar.

Apektado hindi lamang ang Marawi kundi pati ang mga karatigbayan na nakaasa sa ekonomya nito para sa kabuhayan. Nagsisilbing sentro ng komersyo at bilihan ng batayang pangangailangan ng buong Lanao del Sur ang Marawi. Sa taya ng mga burukrata, aabutin ng P30 bilyon at ilang taon ang pagbangon nito mula sa pagkawasak.

Hindi pa man natatapos ang labanan sa Marawi, nagbabala na si Duterte na magpapataw ng pangalawang batas militar na “kopya” sa diktadurang Marcos kapag ipawalambisa ng Korte Suprema ang kanyang deklarasyon. Habang tumatagal sa pwesto, lalong lumilinaw ang kanyang direksyon tungo sa pagpapatupad ng mas matindi pang mga kampanyang panunupil. Sa harap ng matinding batikos sa kanya at kanyang mga “gera,” lalo siyang sumasandig at nagiging sunudsunuran sa mga pasistang haligi ng estado at sa imperyalistang amo nito.

AB

# Maka-imperyalista, kontra-mamamayang patakarang panlabas

Hindi maikakaila na mayroong kasaysayan si Duterte ng pagbaktikos sa panghihimasok at pang-aabuso ng US sa Pilipinas noong meyor pa lamang siya ng Davao City. Isa ito sa kaibahan niya sa mga nagdaang pinuno ng reaksyunaryong estado.

Subalit anupamang pagkakaiba niya sa salita ay hindi nakita sa pagkakaiba sa gawa. Ang kanyang mga deklarasyon ay hindi naisalin sa kongkreto at signipikanteng pagbabago sa kanyang unang taon sa poder. Katunayan, mas litaw ang kanyang pagiging sunud-sunuran sa mga dikta ng US sa kanyang todong pagsandig sa AFP, ang haligi ng paghahari nito sa bansa.

Nananatiling neokolonyal na estado ng US ang Pilipinas sa kabila ng retorika ni Duterte ng pagtataguyod sa nagsasariling patakarang panlabas. Walang pinatunguhan ang mga banta niyang pagbasura sa mga hindi pantay na kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at US. Sa aktwal, kinanti lamang niya ang monopolyo ng US sa Pilipinas para ibukas ito sa iba pang imperyalistang kontrol.

Ang matatapang niyang salita laban sa US ay mistulang pagpapakitang-gilas lamang sa China at Russia, kapwa karibal ng US, para maengganyo silang magbigay ng hinahangad na pondong pautang, ayuda at pamumuhunan.

Noong Agosto, nagpahayag ng suporta ang China sa “gera kontra-droga” ng rehimen at nagbigay ng pondo para sa pagtatayo ng mga *rehabilitation center* sa bansa. Lumakas ang loob ni Duterte na lalong mag-ingay lalupa’t ginigipit siya ng European Union at US sa pautang dahil sa kanyang “gera kontra-droga.”

Habang nasa ASEAN summit noong Setyembre, kinundena niya ang pakikialam ng US sa mahabang kasaysayan ng paglapastangan nito sa bansa, laluna sa Mindanao. Nagpahayag pa siya ng pagkalas ng pagkakatali ng Pilipinas sa US sa ekonomya at militar sa kanyang pagbisita sa China noong Oktubre. Pag-uwi niya, ipinagmayabang niya

ang pangakong \$24 bilyong utang mula rito.

Ipinagmamalaki rin ni Finance Secretary Domingo na wala pa mang isang taon si Duterte ay nakakuha na siya ng pinakamalaking Official Development Assistance sa kasaysayan ng bansa. Umaabot sa P1-trilyon mula pa lamang sa China at Japan ang utangin ng rehimen para tustusan ang engrandeng mga proyektong imprastruktura na pinaglalawayan na ng mga burgesy kumprador. Mangangahulugan ito ng higit isang trilyong pisong dagdag utang na walang katapusang babayaran ng mamamayan.

Sa isang taong pakikipag-ugnayan ng rehimen Duterte sa iba’t ibang gubyerno, nakaayon ang kanyang mga buladas at pambobola sa kung sino ang kanyang kausap para makakuha ng mga pangakong pautang at ayuda. Nang bumisita ang mga senador ng US sa bansa noong Hulyo, binigyang-diin ni Duterte na kilala ang Pilipinas bilang alyado ng kanluraning kapangyarihan kaya hindi dapat kalimutan ang interes ng bansa at ng alyado nito kaugnay sa agawan ng teritoryo sa South China Sea. Nang makipag-usap siya at si DND Sec. Lorenzana kay US Secretary of the State na si John Kerry, nakakuha siya ng pangakong \$32 milyon para sa pagsasanay at serbisyong pangmilitar.

Sa kanya namang panlilimos ng pautang sa Japan, ang alyado ng US sa Asia, sinigurado niyang walang alyansang militar ang China at Pilipinas. Dito’y nakapag-uwi siya ng \$8.7 bilyong pautang, kabilang ang pambili ng barko at kagamitan ng Philippine Coast Guard.

Bilang paghahanda sa kanyang pagbisita kamakailan sa Russia,



nagtuloy-tuloy ang kanyang patutsada sa bigong mga pangako ng mga kasunduan sa US. Binigyang-diin niya sa kanyang pakikipag-usap kay Putin ang pangungutang upang makabili ng mga bago at modernong armas sa Russia. Pinasaringan niya ang US na aniya’y nagbebenta lamang ng segunda-manong armas.

Subalit sa dami ng matatapang na salita, tanging ang pagbabawal lamang sa AFP na lumahok sa *joint patrol* ng US Navy sa South China Sea ang naipatupad ni Duterte pabor sa isang nagsasariling patakarang panlabas. Tuluy-tuloy pa rin ang pagpapatrulya ng US sa karagatan ng Pilipinas. Noong Oktubre at Enero, tinanggap pa rin niya ang ibinigay na mga armas ng US para sa AFP. Nanatili pa rin ang presensya ng mga sundalong Amerikano sa Mindanao sa kabila ng deklarasyon niyang “dapat umalis na sila.” Pinayagan niya ang pagtatayo ng US ng mga base nito sa loob ng mga kampong militar ng AFP. Pinayagan din niya ang paglulunsad ng 257 pinagsanib na pagsasanay-militar ng AFP at militar ng US matapos niyang ayawan ang mga ito.

Sa gitna ng kanyang mga buladas, wala siyang anumang pormal na ipinaabot sa gubyernong US tungkol sa presensya ng mga sundalong Amerikano sa bansa. Sa buong panahon na ito, tuloy ang mga pagpupulong ng matataas na upisyal ng US at AFP na buo niyang binasbasan. Nang ibunyag ng AFP ang presensya ng militar ng US sa Marawi kamakailan, inilusot na lamang ni Duterte ang kanyang pag-



hingi ng tulong sa pagsabing “wala siyang alam” tungkol dito at dahil naroon na, “salamat na lang.” Pinadaong din niya ang dalawang barkong pandigma ng US sa Cebu, malapit sa mga baybay ng Cagayan de Oro at Iligan, sa tabing ng “pagsasanay-militar” mula Hunyo 19 hanggang 25. Dagdag ang presensya ng mga sundalo rito sa diumano’y iilan lamang na sundalong Amerikano na nasa Marawi.

Kasabay nito, inaanyayahan niya ang pagdaong ng mga barkong pandigma ng China, Russia, at Japan sa mga daungan ng Pilipinas. Wala siyang ginawang hakbang laban sa pagtatayo ng China ng mga istrukturang militar sa mga isla at bahura sa South China Sea na may soberanong karapatan ang Pilipinas. Sa aktwal, pinahintulutan at inenganyo niya ang militarisasyon sa South China Sea.

Sa nakaraang mga buwan,

tinangka ni Duterte na ilako ang Pilipinas sa gitna ng tunggalian ng mga imperyalistang bayan. Ibinukas niya ang ekonomyang dati nang nakasalig sa dayuhang puhunan sa ibayong pagkaka-utang at lalong inihahain ang kanyang guberno sa imperyalistang pakikialam sa pulitika’t militar. Milyun-milyon ang kanyang ginasta sa kanyang halos buwan-buwang paglilibot sa mundo. Sa kanyang mga paglalakbay sa nagdaang isang taon, gumastos ang reaksyunaryong guberno ng mahigit P386 milyon para sa kanyang delegasyon at kapamilya. (Hindi pa kasama dito ang apat na huling byahe sa Cambodia, Hong Kong, China at Russia.) Higit doble ito sa pinagsamang gastos ng nagdaang dalawang pangulo sa kanilang mga unang taon sa panunungkulan.

Nagpapanggap na nagsasarili ang patakarang panlabas ni Duterte. Habang nananaig ang kapangya-

rihan ng imperyalismong US at sunud-sunuran siya dito, inaalok rin niya ang yaman at rekurso ng bansa sa iba’t ibang mga imperyalistang bansa—US, Japan, China at Russia—na magbibigay sa kanya at kanyang pinapaburang mga negosyante ng pinakamalaking pakinabang (sa anyo ng pautang, ayuda o pamumuhunan). Tiyak na gagamitin lamang ng mga ito ang Pilipinas para hut-hutan ng hilaw na materyales at murang lakas-paggawa sa kani-kanilang layuning makapanaig sa pagusbong ng bagong pagkakahati ng multi-polar na daigdig.

Ang tunay na nagsasariling patakarang panlabas ay kaakibat ng pagsusulong ng ekonomyang nakasandig-sa-sarili. Dapat patuloy na igiit ng mamamayan ang pambansang soberanya, mapayapang pakikipamuhay, walang pagsasalakayan at pakikipag-ugnayan na may mutwal na kapakinabangan. AB

## Paglabag sa karapatang-tao, walang-awat

**H**abang halos natulala ang bayan sa wari’y di-maubos-isiping karahasan ng estado sa Marawi City, patuloy ang paglabag ng estado sa mga karapatang-tao sa ibang bahagi ng bansa.

**Bicol.** Pinaslang ng tropa ng 31st IB si Kapitan Bernardo Lerio, 52, punong baranggay ng Brgy. Patag, Irosin, Sorsogon, noong Hunyo 14 sa kanyang tahanan. Si Lerio ay pinag-initan ng militar mula nang maparusahan ng mga Pulang mandirigma ang dating kumander ng Mapaso Detachment ng 22nd IB sa Brgy. Patag noong 2012.

Noong Hunyo 13, alas-7 ng gabi, animo’y baliw na halimaw ang mga elemento ng Military Intelligence Company (MICO 5) sa magkakasunod na pamamaslang sa loob ng isang oras sa tatlong barangay sa bayan ng Gubat, Sorsogon. Sakay ng ilang motorsiklo at armado ng mga ripleng M16, binaril nila hanggang mamatay sina Kgw. Pedro Esperida ng Barangay Bentuco at Alfredo Espedido III ng Barangay Naagtan sa mismong bahay ng mga biktima. Pagkatapos ay dumiretso ang mga

tropang kaaway sa Barangay Bulacao para paslangin din ang isa pang sibilyang residente doon na matagal na nilang hinaharap dahil “poste” o taga-suporta diumano ng BHB, ngunit nabigo silang matunton ang nasabing target. Nakilala ng mga sibilyan sa lugar ang isa sa mga salarin na kababayan nila, si Pfc. Jordan Enconado, elemento ng MICO 5 na sangkot na sa iba’t ibang kaso ng pamamaslang mula pa noong Oplan Bantay Laya 1.

Noong Hunyo 9 naman, alas-9 ng gabi, pinaputukan ng mga elemento ng 31st IB hanggang mapatay si Vicente Gatton, isang sibilyan at residente ng Brgy. Balocawe, Matnog, Sorsogon. Nangyari ang pamamaril sa Brgy. Camcaman, Matnog, sa tapat ng lumang munisipyo ng bayan habang nakaparada doon ang traysikel na kanyang minamaneho. Bago nito, ilang ulit

nang pinagbantaan ng militar ang biktima dahil may mga kapamilya siyang kasapi ng BHB.

Noong Hunyo 13, tinipon ng mga pwersa ng 2nd IB ang 19 na sibilyan sa Barangay Bacolod, Milagros, Masbate upang palabasin silang mga sumurender. Kinunan sila ng litrato at nilagyan ng mga uniporme, *combat boots*, limang ripleng M-16 at isang pistolang kalibre .45.

**South at Far South Mindanao.** Noong Hunyo 17, humigit-kumulang 185 pamilyang B’laan (1,000 indibidwal) mula sa Barangay Colonsabac, Matanao, Digos, Davao del Sur ang lumikas dahil sa takot sa patuloy na operasyong militar ng 16th IB. Nagkampo ang militar sa gitna ng kanilang komunidad at pinagbabawalan silang lumabas ng bahay nang walang dalang ID. Hindi makapunta ang mga residente sa kanilang mga sakahan sa takot na maakusahang kasapi ng BHB.

Noong Hunyo 11, dalawang si-

bilyan ang nasugatan sa pag-istraping ng mga tropa ng 16th IB sa Paradise Embac, Paquibato District, Davao City. Nasa kritikal na kalagayan ang isa hanggang sa panahon ng pagsulat nito. Responsable ang batalyon na ito sa Paquibato sa pambubugbog, panghahalughog ng mga bahay, at iba pang abuso.

Sa Davao del Norte, noong Hunyo 20, nagpapatok ng baril ang Alamara sa loob ng *compound* ng Salugpongan Ta' Tanu Igkanogon Community Learning Center, Inc. (STTICLCI) habang nagkklase ang mga estudyante. Pwersahang pinasok ang eskwelahan sa Sitio Nasilaban, Barangay Palma Gil, Talaingod noong Hunyo 12 ng apat na elemento ng Alamara sa pamumuno ni Rudel Buntalog, at suportado ng AFP. Kalahating oras nilang ininteroga si Ramel Miguel, presidente ng Alliance of Community Educators (ACE) at *teacher-in-charge*, at pinagbintangang simpatisador ng BHB. Naiulat ng ACE na hanggang ngayon ay nasa komunidad pa rin ang Alamara kasama ang AFP at hinaharar at tinatakot ang mga Lumad.

Maliban sa harasment, naitala rin ang paninira ng ari-arian sa Sityo Dulyan ng kaparehong barangay. Dito, kinontrol ng 60th IB ang sistema ng tubig at nilimitahan ang paggamit dito ng mga residente.

Sa hiwalay na pangyayari, noong Hunyo 5 sa Sityo Butay, Barangay Palma Gil, pinigilan ng Alamara at tropa ng 60th IB ang dating estudyante ng STTICLCI na si Arnold Dalin at ang PTCA Secretary ng Nasilaban na si Lorena Mandacawan na tumulong sana sa Brigada Eskwela ng naturang eskwelahang Lumad. Bago pa nito ay pinagbantaan ng paramilitar at AFP ang mga residente ng Nasilaban at Talaingod na huwag lumahok sa Brigada Eskwela ng Salugpongan.

**Southern Tagalog.** Noong Hunyo 7, tinakot ng 12 gwardya ng Sigma Security Agency na armado ng ar-

malayt at *automatic shotgun* ang mga magsasaka upang patigilin sa pagtatabas at paglilinis ng bukid sa Lupang Kapdula. Ayon kay Belinda Mojica, lider kababaihan ng Samahang Magbubukid sa Kapdula, “hindi nakasuot ng uniporme ang mga gwardya, wala silang ipinapakitang ID at nakatakip ang mukha.” Isang araw bago nito, anim na gwardya naman ang nagpapatigil sa pabubungkal nila.

Ang 155 ektaryang lupain sa Kapdula na tinamnan ng mga magsasaka noong Mayo 30 ay inagaw sa kanila ng JAKA ng pamilyang Enrile kasabwat ang South Cavite Land Corp. Inc. at Sta. Lucia Realty and Devt Corp mga 20 taon na ang nakaraan sa pamamagitan ng mapanlinlang na Joint Venture Agreement.

**Northern Luzon.** Noong Hunyo 6, pinatawag ng mga operatiba ng 7th Civilian Military Operations Battalion ng 7th ID sa Candon City, Ilocos Sur ang may-ari ng inuupahang upisina ng Children's Rehabilitation Center-Ilocos Program Office (CRC-IPO) at Ilocos Human Rights Alliance (IHRA). Inusisa ng militar sa kanya ang tungkol sa istap ng IHRA at sinabihang ginagamit ng BHB ang naturang upisina bilang *safehouse*. Ilang araw nang napansin ng mga upisyal ng barangay sa kanilang mga barangay patrol ang mga di-kilalang tao na nakasakay sa motorsiklo na naglilibot sa upisina sa gabi hanggang madaling-araw.

Mula pa Abril ay ilang beses nang pinuntahan ng mga taong nagpapakilalang operatiba ng AFP ang mga upisyal sa Brgy. San Isidro, Candon City para subaybayan ang upisina ng IHRA. Sinabihan din sila na nagsasagawa ang BHB ng malawakang pagrekluta sa Ilocos Sur Polytechnic State College-Candon Campus. Binigyan sila ng listahan ng mga diumano'y bagong reklutang BHB sa lugar, kung saan nakalista ang kasapi ng Anakbayan Ilocos at ng Solidarity of Peasants Against Exploitation. Ang isang nakalista

roon, si Pidong Gabayan, ay magsasaka sa Salcedo, Ilocos na noong 1987 pa namatay.

Sa Baguio City, mula Mayo pa ay binubuntutan na ng dalawang ahente ng estado si Rima Mangili-Libongen, lider-katutubo ng Kabengetan Agkaykaysa nga Ilaban ken Aywanan ti Biag, Daga, ken Kinabaknang, or Benguet Unite to Defend and Nurture Life, Land, and Resources (Kaiabang) at ng Cordillera People's Alliance (CPA)-Benguet Chapter. Ayon sa Kaiabang, layunin ng mga ito na takutin si Mangili-Libongen upang tumigil sa kanyang pagkilos. Kasapi siya ng kilalang grupong pangmusika na Salidummay at Secretary General ng Bileg ken Urnos dagiti Agtutubo nga Ybenguet (Buday, Strength and Unity of the Benguet Youth).

Pinuntahan siya mula sa kanyang tirahan sa Itogon hanggang sa Baguio City, at sa pinangunahan niyang asembliya ng kabataan sa Itogon sa Bua, Tuding noong May 30. Noong Hunyo 3 ay hinawakan siya ng isa sa mga tumutugaygay sa kanya habang namimili siya sa Shopper's Lane sa Baguio City, at binitawan lamang nang mapansin ng ibang mga mamimili. Matapos nito, nakatanggap pa siya ng pananakot sa *text* na nagpatuloy kahit nang palitan na niya ang kanyang numero.

**Metro Manila.** Inireklamo ng mga kamag-anak ng detenidong pulitikal na si Ferdinand Castillo ang patuloy na pagpapabaya ng estado sa kalagayan ng mga bilanggo sa Camp Bagong Diwa sa Taguig City. Idinadahilan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) sa natumbang poste ang mahigit isang linggo nang kawalan ng kuryente sa kulungan, ngunit hindi ito ipinaaayos bagamat may kuryente na ang iba pang bahagi ng kampo.

May 25 bilanggong pulitikal sa kulungan na dumaranas ng labis na init, maliban pa sa siksikan ang kulungan, na nagdudulot ng mga problema sa kalusugan. Si Ferdinand Castillo ay may sakit sa puso. AB

Sa araw ng huwad na kasarinlan:

## Imperyalismong US, China, batas militar, binatangikos

LIBU-LIBONG aktibista ang humugos sa lansangan sa isang buong araw na aktibidad noong Hunyo 12 upang ilantad ang huwad na kasarinlan. Kinundena nila ang paghahari ng imperyalismong US sa ekonomya, pulitika, militar, kultura at ugnayang panlabas ng Pilipinas. Kasabay nito, binatangikos din nila ang lumalakas na banta ng pakikialam ng China, lalo na sa ekonomya at teritoryo ng bayan, at ang kasalukuyang batas militar sa Mindanao.

Sa pamumuno ng Bayan at P1nas, nagmartsa ang 5,000 raliyista tungong Chinese Embassy sa Makati City habang isinisigaw ang “China Layas, atin ang Pinas”, at “PH not for Sale, we are not for Sale.” Kaugnay ito ng patuloy na pagpasok ng China sa karagatan ng Pilipinas at ng \$30 bilyong pamumuhunang inilako ni Duterte sa kanila. Pagkatapos nito’y nagkaraban ang mga raliyista tungong Plaza Salamanca sa Manila, at nagmartsa tungong US Embassy kung saan nakipaggitgitan sila sa mahigit 1,000 nakabarikadang pulis.

Daan-daan ding estudyante at mga progresibong organisasyon ang dumalo sa *interfaith prayer rally* sa Andres Bonifacio Shrine sa Manila. Nanawagan sila sa guberno na tanggalin na ang batas militar sa Mindanao, ipagpatuloy ang usapang pangkapa-yapaan, at itaguyod ang karapatang-tao. Kasama sa mga dumalo ang mga biktima ng batas militar ni Marcos at ng Oplan Tokhang ni Duterte. Matapos ang misa ay tumungo ang mga kalahok sa Mendiola.


Sa araw na ito rinormal na sinimulan ng 200 tagapagtaguyod ang Free Bishop Carlo Morales Movement sa IFI Conference Center sa Manila. Hinuli si Morales, obispo ng Iglesia Filipina Independiente sa Ozamis City noong Mayo 11 at ikinulong sa gawa-gawang kaso ng *illegal possession of firearms and*

*explosives.*

Nagpiket naman ang mga estudyanteng kasapi ng Anakbayan at Kabataan Partylist sa Albay para sa libreng edukasyon. Noong Hunyo 10, nagpiket ang mga estudyanteng kasapi ng lokal na balangay ng Union of Journalists of the Philippines sa University of the Philippines (UP)-Diliman, upang kundenahin ang batas militar.

Sa UP-Manila, pinamunuan ng Health Alliance for Democracy at iba pang organisasyon ng mga manggagamot at manggagawang pangkalusugan ang piket sa tarangkahan ng kampus laban sa batas militar sa Mindanao at militarisasyon sa buong bayan.

Sa Bicol, naglunsad ng martsa-rali laban sa huwad na kalayaan sa Sorsogon City, Sorsogon, na dinaluhan ng mahigit 800; humigit-kumulang 740 sa Legazpi City, Albay, at humigit-kumulang 700 ang dumalo sa Naga City, Camarines Sur. Nagmartsa-rali rin ang 230 aktibista sa Catanduanes at 400 sa Camarines Norte. AB



## Buwag-asyenda, isinusulong

SABAY-SABAY NA naglunsad ng mga pagkilos ang mga organisasyong magsasaka at kanilang mga tagasulista sa iba’t ibang bahagi ng bansa noong Hunyo 9-14 para ipanawagan ang pagbubuwag ng mga asyenda.

Naglunsad noong Hunyo 14 ng koordinadong martsa-rali ang mga magsasaka sa bayan ng Toboso at Manapla sa Negros Occidental upang ipakita ang kalagayan ng mga magbubukid sa mga tubuhan, lalo’t nagsisimula na ang Tiempo Muerto o panahong walang trabaho sa mga asyenda. Sa pamumuno ng National Federation of Sugar Workers, Amihan at PAMALAKAYA, kinundena rin sa kilos protesta ang pagdeklara ng batas militar sa Mindanao.

Bago nito, naglunsad ang UMA ng multisektoral na karaban noong Hunyo 9 mula sa Maynila tungong Hacienda Luisita sa Tarlac upang suportahan ang bungkalan ng mga magsasaka roon. Kinabukasan, nagkapit-bisig sila upang buuin ang kadena laban sa militarisasyon at pigilang lumapit ang mga gwardya ng asyenda habang nagpapatuloy ang bungkalan.

Noon ding Hunyo 9, naglunsad ng martsa-rali ang KMP sa San Francisco, Agusan del Sur laban sa batas militar at monopolyo sa lupa at para sa repormang agraryo.

Sa araw ding ito, sinimulan ng 200 magsasaka at magbubukid sa pamumuno ng ECJ Farmers and Farmworkers Alliance in Negros (EFFWAN) ang kampo sa harap ng opisina ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Bacolod City. Ipinawawalambisa nila ang ‘corporate scheme’ at ‘joint venture agreements’ kay Eduardo Cojuangco Jr. Itinali ng mga kasunduang ito kay Cojuangco ang 5,030 ektaryang lupa sa 11 asyendang dapat ay naipamahagi na sa mga magsasaka.

Noong umaga ng Hunyo 8, nagtipon ang mga magsasaka mula sa karatig-bayan ng Lupang Kapdula kasabay ng pag-inspeksyon ng DAR Cavite at Region 4A sa Lupang Kapdula. Dumalo ang mga magsasaka

mula sa Lupang E.M. Ramos at Lupang Aguinaldo upang ipaabot din sa DAR ang kanilang mga problema.

Nagprotesta naman noong Hunyo 7 ang mga mangingisda ng Navotas sa pamumuno ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALAKAYA-Pilipinas) kasabay ng World Environment Day. Tinututulan ng mga mangingisda sa baybaying komunidad ng Brgy. Tangos, Navotas City ang itinatatayong Navotas Boulevard Business Park (NBBP), isang 650-ektaryang proyektong reklamasyon na magpapalayas sa mahigit 20,000 mangingisda at mga setler sa lunsod at makakasira sa karagatan. Tinatarget ng guberno ang reklamasyon ng mahigit 40,000 ektarya ng dagat at lawa sa buong Pilipinas, kung saan 2/3 nito ay nasa Manila Bay.

### **Pag-angkat ng bigas, tinutulan**

NOONG HUNYO 14, nagpiket ang puu-puong maralitang lunsod sa harap ng Senado sa Pasay City, sa panahon ng pagdinig ukol sa subsidyo sa bigas. Sa pamumuno ng Bantay Bigas, binatikos nila ang mga patakaran ng guberno ukol sa pag-aangkat ng bigas na ayon sa kanila ay nagpapalaki ng pagkakataon para sa ismagling samantalang hindi naman kayang bilhin ng mahihirap dahil sa taas ng presyo. Ayon kay Zen Soriano, tagapagsalita ng Bantay Bigas, hindi ang pag-aangkat ng bigas ang solusyon para mapababa ang presyo nito.

Nakakapagpalugi nga ito sa mga magsasakang nagtatanim ng palay, dahil napipilitan silang ibenta nang mas mura ang kanilang produkto, gayong walang tulong ang guberno sa kanilang mga gastos sa produksyon. “Ang liberalisasyon ng guberno sa kalakalan ng bigas at patakaran sa pag-aangkat, kaakibat ng pagpapabaya ng guberno sa lokal na produksyon ng palay, ang dahilan ng pagsirit ng presyo ng bigas,” ani Inday Bagasbas ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap.

## **Mga laban sa kontraktwalisasyon, dumarami**

SA HARAP NG pangakong napako ng rehimeng Duterte kaugnay sa pagwakas ng kontraktwalisasyon, dumarami ngayon ang mga pagkilos ng mga manggagawa laban dito.



Noong Hunyo 14 ng gabi, inilunsad ng mga kontraktwal na manggagawa ng Clarmil ang ikatlong “outlet-hopping” upang kalampagin ang kapitalista na ipatupad ang desisyon ng Department of Labor and Employment (DOLE) na sila ay regular na. Nagdala ng mga plakard sa harap ng outlet ng Goldilocks sa Sta. Rosa ang mga manggawang kasapi ng Liga ng Manggagawa para sa Regular na Hanapbuhay (Liga). Ang Clarmil ang may-ari ng Goldilocks na gumagawa ng mga tinapay at iba pang *baked goods*.

Sa araw ding ito nagkilos protesta ang mga manggagawa sa harap ng upisina ng National Labor Relations Commission (NLRC) upang tutulan ang petisyon ng Manila Cordage Company at Manco Synthetic, Inc. (MCC-MSI) para sa *temporary restraining order at permanent injunction order* (TRO-PIO). Noong Hunyo 8 ay nagpiket at nagtayo ng temporaryong kampo sa harap ng NLRC ang mga manggagawa at kanilang mga tagasumporta mula sa Liga kaugnay din ng naunang *hearing*. Ayon sa mga manggagawa, kapag ibinigay ang TRO-PIO, makakapasok ang mga eskirul sa pagawaan.

Noong Mayo 4, 2016 pa nagsimula ang welga ng mahigit 500 mga kontraktwal sa MCC-MSI, mga pabrika ng lubid na nakatayo sa Carmelray Industrial Park I, Brgy. Canlubang, Calamba City, Laguna. Makailang beses nang dinaluhan ng mga manggagawa ang mga *hearing* na ito ng NLRC. Iginigiit ng mga welgista ang regularisasyon ng kanilang trabaho. Batay sa pagsisiyosat ng DOLE mismo, lehitimong empleyado sila ng nasabing mga kumpanya, ngunit patuloy itong ipi-

nagkakaila ng kapitalista kahit mahigit walong taon nang nagtatrabaho sa kanila ang mga manggagawa. Sumuporta sa kanilang pagkilos ang mga estudyanteng kasapi ng College Editor's Guild of the Philippines.

Naglunsad naman ng kilos protesta ang mga manggawang kontraktwal ng multinasyunal na Procter & Gamble (P&G) sa Cabuyao, Laguna, noong Hunyo 13 sa DOLE Provincial Office sa Laguna para sa pangalawang *mandatory conference* sa pagitan ng LABANKAMI-P&G-LIGA at ng mga ilegal na *manpower agency* na Topserve at ARM. Hindi pa rin nagdesisyon pabor sa mga manggagawa ang NLRC.

Nagtungo naman sa upisina ng DOLE ng mga manggagawa mula sa Metro Manila at Mindanao noong Hunyo 7 upang iprotesta ang pandarahas sa Marbai at manawagan ng pagtitigil ng batas militar.

Samantala, inilabas kamakailan ng DOLE ang desisyon nitong naglalaman ng 3,900 pangalan ng mga kontraktwal na manggagawa ng TAKATA na itinakda nang regular. Ang tagumpay na ito ng mga manggagawa ay hindi tinutulan ng TAKATA, isang pagawaang pag-aari ng dayuhang Hapon na gumagawa ng mga silya at belt ng sasakyan tulad ng Toyota. Ilang araw pagkaliipas, nagdeklara ng pagkalugi ang punong kumpanya ng TAKATA dahil sa maraming kasong isinampa ng mga kumpanya ng sasakyang sinuplayan ng kulang sa kalidad na mga pangkaligtasang produkto lalo na ang “safety airbag.”

Kasabay ding idineklara ng DOLE na ilegal ang mga ahensya sa paggawa na Career Express, Holistic Approach Systems, IDEX Philippines, Maxim, Omniworx, One Source, People's Concepts and Ideas, at Revier. AB

# Parangal kay Bal Pinguel

LUBOS NA nagpupugay ang NDFP kay Baltazar “Bal” Pinguel, ang ahitador ng Sigwa ng Unang Kwarto!

Ubos-kayang pinaglingkuran ni Ka Bal ang mamamayan sa pamamagitan ng pambansa-demokratikong kilusan, sa puspusang pakikibaka at sakripisyo.

Mula sa isang mahirap na pamilya sa Samar, naging aktibista siya habang nag-aaral ng Political Science sa University of the Philippines-Diliman. Sumapi siya sa Kabataang Makabayan (KM) at tumayong tagapagsalita nito dahil sa husay niya sa pagtatalumpati. Pina-munuan niya ang mga demonstrador patungong US Embassy o Malacañang kung saan madalas na nakikisagupa sila sa mga *anti-riot* sa pulis at tropa ng Metrocom.

Nang ipataw ang batas militar, isa siya sa daan-daang aktibistang sumapi sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Unang itinalaga si Ka Bal sa pagtatayo ng sonang gerilya sa Southern Tagalog. Nadakip siya roon, tinortyur at ikinulong sa Camp Vicente Lim sa Laguna. Dito, nakasama siya sa isang mapangahas na pagtakas at muling sumama sa pa-

ngunahing agos ng rebolusyon.

Noong 1974, itinalaga siya sa Samar kung saan tumayo siyang pinunong pampulitika ng isa sa mga pinakaunang yunit gerilya ng BHB, at naging kasapi ng unang Komiteng Distrito sa isla. Sa katapusan ng dekada 1970, kilala na ang Samar sa pangunguna sa pagsusulong ng armadong pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos sa buong bansa.

Muli siyang nadakip noong 1980 sa Cebu City at ikinulong nang limang taon sa Camp Bagong Diwa. Nang makalaya, tumulong siya sa pagbubuo ng Partido ng Bayan. Noong 1989, pinagtangkaan siyang dukutin ng pinaghihinalang mga ahente ng militar kaya’t humiling siya ng *political asylum* sa US noong 1992. Sa US, lumahok siya sa mga kampanya para sa katarungan at kapayapaan bilang program director ng American Friends Service Committee, at isa sa mga lider ng United for Peace and Justice, isang malawak na koalisyong nakabase sa US laban sa pananalakay ng US sa Iraq at Afghanistan.



Patuloy na naglingkod si Ka Bal sa pambansa-demokratikong kilusan sa iba’t ibang paraan. Bilang tagapayo ng BAYAN-USA, pinakahuli niyang nilahukan ang isang rali sa harap ng Philippine consulate sa New York City laban sa pagbibigay ng pambayananing libing sa diktador na Marcos sa Libingan ng mga Bayani.

Ang di-napapanahong kamatayan ni Ka Bal ay hindi bubura sa kanyang pamana bilang isang maa-lab na ahitador at propagandista na pumasong mga mang-aapi’t mapagsamantala at nagmulat at nagpasigla sa masa.

Si Ka Bal ay pumanaw noong Hunyo 10. AB

## Peace talks, ipagpapatuloy sa Agosto o Setyembre

ITUTULOY ANG naunyang ikalimang *round* ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa Agosto o Setyembre, ayon sa NDFP *peace panel*. Ito’y matapos positibong tugunan ni Sec. Silvestre Bello III ang dati nang alok ng NDFP na iiwas sa mga opensibang aksyon ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao bilang hakbang ng pakiki-pagmabutihang-loob upang masalpa ang usapan.

Inialok ng NDFP panel ang naturang hakbang matapos umatras noong Hunyo 2 ang GRP sa ikalimang *round* sa serye ng mga usapan. Ipatutupad ng Bagong Hukbong Bayan ang rekomendasyon oras na lumitaw ang mga kundisyon para rito. Kabilang dito

ang kagyat na pagbawi ng rehimeng Duterte sa “todo-gera” na inilunsad nito laban sa rebolusyonaryong kilusan noong Pebrero at pag-iwas ng AFP sa mga sagupaan sa BHB. Kasabay nito, inilinalaw ng NDFP na wala pang umiiral na tigil-putukan sa ngayon, sa loob at labas ng Mindanao.

Ginawa ang paglilinaw na ito matapos punahin ng Department of National Defense, ng tagapagsalita ng rehimen at ng ilang senador ang isinagawang reyd ng BHB sa istasyon ng pulis sa Iloilo at iba pang aksyong militar ng BHB.

Binibigyang-pansin ng BHB at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang mga pahayag ng DND na magpapatuloy ang mga operasyong pagtugis ng AFP sa BHB sa kabila ng mga pahayag ng GRP *peace panel*.